Paano ba ito maiiwasan?

Para maiwasan mayroon mga bakunang panlaban sa meningitis. Ito ay mga bakuna laban sa Haemophilus influenza, Streptococcus pneumonia, at Neisseria meningitidis, mga pangunahing mikrobyo na sanhi ng "bacterial meningitis". Ang mga bakunang ito ay ligtas at mabisa. Sa karagdagang kaalaman ukol dito, kumunsulta sa inyong mga doktor.

MENINGITIS, MAIIWASAN…..
MGA MAHAL SA BUHAY, PABAKUNAHAN!

LABANAN MENINGITIS

WORLD MENINGITIS DAY 2009

CONFEDERATION OF MENINGITIS ORGANISATIONS CoMO ESTABLISHED 2004

Philippine Foundation for Vaccination

MENINGITIS:

LABANAN AT IWASAN

Mahalagang kaalaman tungkol sa MENINGITIS

Ano ang meningitis?

Ang meningitis ay isang impeksyon sa balot ng utak at spinal cord (buntot ng utak) na sanhi ng bakterya, virus o fungi. Ang sakit na ito ay maaaring biglaan o mabilis ang paglala. Sa ibang pagkakataon, maaari din itong mabagal na bumibilang ng buwan ang tagal.

Ano ang bacterial meningitis?

Ang meningitis na sanhi ng bakterya ang pinakamadalas na uri ng meningitis na may walumpong porsyento (80%). Ang pinakamadalas na bakterya na nagdudulot ng meningitis ay ang mga sumusunod: Haemophilus influenzae, Streptococcus pneumoniae, at Neisseria meningitidis. Ang impeksyon na ito ay magdudulot ng pamamaga sa balot at paligid ng utak na maaaring maging dahilan ng pagkaparalisa o kamatayan ng taong madapuan ng sakit na ito.

Ano ang sanhi ng bacterial meningitis?

Ang sanhi nito ay mikrobyo na kadalasang matatagpuan sa ating kapaligiran at sa ibang tao na nagdadala ng mikrobyo.

Ang sakit na Meningitis ay madalas makuha ng mga sumusunod:

- Edad na 1 buwan hanggang 2 taong gulang
- Mga taong may madalas na impeksyon sa ilong o tenga
- May pulmonya

ANG MENINGITIS AY IMPEKSYON SA BALOT NG UTAK AT SPINAL CORD.ANG PINAKAMADALAS NA SANHI NG MENINGITIS AY BAKTERYA. (HAEMOPHILUS INFLUENZAE, STREPTOCOCCUS PNEUMONIAE AT NEISSERIA MENINGITIDIS)

Ano ang sintomas ng meningitis?

Ang mga palatandaan na may meningitis sa bata at matanda ay ang mga sumusunod:

Sa maikling panahon, maaari itong magdulot ng kamatayan kung ito ay hindi mabigyan ng maagang lunas.

Ang mga sumusunod na palatandaan ay kalimitang makikita sa mga sanggol at mga batang may edad 2 at pababa:



Paano malalaman ang isang tao ay may meningitis?

Sa pamamagitan ng pagsusuri, makikita ng inyong manggagamot ang mga palatandaan ng meningitis. Maliban dito, maaari ring kumuha ng tubig sa likod ng pasyente para makita ang mikrobyong dahilan nito. Maaari rin suriin ang dugo, ihi, loob ng ilong at lalamunan.

Ano ang lunas sa meningitis?

Antibiyotiko ang lunas kapag ang meningitis ay sanhi ng bakterya. Upang mabawasan ang pamamaga ng utak, kalimitan ay nagbibigay din ng "steroids". Importante na ang lunas ay maagang maibigay para maiwasan ang komplikasyong dulot nito.

MAARING SURIIN ANG TUBIG SA LIKOD,DUGO, IHI, LOOB NG ILONG AT LALAMUNAN UPANG MALAMAN ANG MIKROBYONG NAGDUDULOT NG MENINGITIS.MAHALAGA ANG MAAGA AT TAMANG PAGBIBIGAY NG ANTIBIYOTIKO PARA MAIWASAN ANG KOMPLIKASYON NG MENINGITIS.

May pag-asa pa bang gumaling sa meningitis?

Malaki ang pag-asa sa paggaling mula sa meningitis kung ito ay maagang malalapatan ng lunas. Subalit may sampung porsyento (10%) ng pasyente ang maaaring mamatay dahil sa sakit na ito.

Ano komplikasyon ng meningitis?

- Kumbulsyon
- Kahinaan ng pag-iisip
- kahinaan ng pagdinig
- Pagkaparalisado